

PARA SA AGARANG PAGLABAS

**Bumalik sa Malayang Kalagayan. Bakunahan ang Brampton.**

*Inilulunsad ng Lungsod ang kampanyang Bakunahan ang Brampton na humihikayat sa mga residente na magpabakuna*

BRAMPTON, ON (Hunyo 2, 2021) – Habang nagpapatuloy ang pambabakuna at kasunod ng anunsyo ng Lalawigan ng pagpapabilis sa ikalawang mga shot sa summer na ito – kapag may suplay, ilulunsad ng Lungsod ang kampanya nito na “Bumalik sa Malayang Kalagayan. Bakunahan ang Brampton.” para buuhin ang momentum na nakikita sa Brampton at Peel.

Ang “Bumalik sa Malayang Kalagayan. Bakunahan ang Brampton.” ay tumutuon sa mga personal na dahilan sa likod ng kung bakit ang lokal na maimpluwensyang mga Bramptonian ay nagpasyang magpabakuna, at ipinapakita kung paano, sa pamamagitan ng pagtanggap ng lahat ng residente ng kanilang mga bakuna nang maging available ang mga ito, ang komunidad ay poprotekta sa mga nakapaligid nito at makuhang muli ang mga aspeto ng buhay na na-miss nila dahil sa pandemya ng COVID-19.

Ang mga bakuna ay gumaganap ng napakahalagang papel sa pagbuo ng ating komunidad sa Bumalik sa Malayang Kalagayan. Ang bawat isa ay naapektuhan ang buhay sa panahon ng COVID-19 sa iba’t ibang paraan at ang lahat ng mga residente ay may kanilang sariling personal na mga dahilan sa pagpapabakuna.

**Mga Bakuna**

Hanggang Mayo 25, 2021, 357,008 residente ng Brampton – o 52.3 porsyento – ang nakatanggap ng kanilang unang dosis ng bakuna sa COVID-19. Ang mga indibidwal na may edad na 12 at higit pa na naninirahan, nagtatrabaho o pumapasok sa paaralan sa Peel ay kwalipikado na ngayon na i-book ang kanilang unang appointment sa pagpapabakuna sa Rehiyon ng Peel.

Noong Mayo 28, 2021, inanunsyo ng pamahalaan ng Ontario na [pinapabilis nito ang pagpapamigay ng ikalawang shots na tuma-target sa summer na dalawang-dosis](#). Kung may sapat na suplay ng bakuna, inaasahan na ang karamihan sa mga residente ng Ontario na gustong tumanggap ng bakuna ay magagawang ganap na mabakunahan bago matapos ang summer.

Sa kasalukuyan, ang mga residente ng Peel na 80 taong gulang at mas matanda pa ay kwalipikadong i-book ang kanilang ikalawang dosis sa pinaikling pagitan. Makikita ang mas marami pang impormasyon [dito](#).

**Mga paalalang pangkalusugan at pangkaligtasan**

Kahit na nabakunahan na ang mga residente, pinaalalahanan sila sa kahalagahan ng pagsunod sa lahat ng mga pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan na nilalayon para panatilihin ang ating komunidad at ihinto ang pagkalat ng COVID-19. Kailangang magpatuloy ang mga Bramptonian na magsuot ng mga mask, isagawa ang paglayo mula sa iba, panatilihin ang mabuting kalinisan at manatili sa bahay kung masama ang kanilang pakiramdam.

Protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay, at kung hindi mo pa nagawa, i-book ang iyong unang bakuna sa COVID-19. Manatiling up-to-date sa pagiging karapat-dapat sa ikalawang dosis sa [portal ng pagpapa-book sa bakuna](#) ng Lalawigan, at i-book kaagad ang iyong bakuna. Magkasama, mapapahinto natin ang pagkalat ng COVID-19.

### Mga Link

- [Website – Bumalik sa Malayang Kalagayan. Bakunahan ang Brampton.](#)
- [Video – Bumalik sa Malayang Kalagayan. Bakunahan ang Brampton.](#)
- [Portal ng pagpapa-book sa bakuna ng Rehiyon ng Peel](#)
- [Portal ng pagpapa-book sa bakuna ng Pamahalaan ng Ontario](#)
- [Tugon sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

### Quote

“Sa pagsisimula ng mainit na klima kamakailan, alam ko na nakikita ng mga residente ng Brampton ang mga sulyap ng mas magandang mga araw na darating, Ang mga bakuna ay tunay na gumaganap ng mahalagang papel sa lahat sa atin, nakikita ang mga taong na-miss natin at sumasali sa pangkat at mga outdoor na gawain na gustong-gusto natin. Salamat sa mga nakatanggap ng kanilang unang dosis, at sa mga hindi pa at kwalipikado, paki-book ang inyong appointment ng pagpapabakuna. Sa summer na may dalawang-dosis at sa pagsunod sa mga pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan, tunay na tayo ay nasa landas na ‘Bumalik sa Malayang Kalagayan’.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)